
2

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1:
## Mga Serbisyo sa Komunidad




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Serbisyo sa Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael L. Santos
**Editor:** Rosalie V. Feliciano
**Tagasuri:** Annalyn L. German EdD, Emmanuel V. De Mesa
Maria Eleonor D. Gavino
**Tagaguhit:** Kharlyn P. Banzon
**Tagalapat:** Mark Greg C. Binasoy
**Tagapamahala:**
Nicolas T. Capulong PhD, CESO V
Librada M. Rubio PhD
Ma. Editha R. Caparas EdD
Nestor R. Nuesca EdD
Rolando T. Sotelo DEM
Annalyn L. German EdD
Emmanuel V. De Mesa

**Inilimbag sa Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. D.M Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Mga Serbisyo sa Komunidad

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Serbisyo sa Komunidad.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan, Ikalawang Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Serbisyo sa Komunidad.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o punan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung ano ang natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaang pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sinuman sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga sa mga serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo sa komunidad.

Pagkatapos ng modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natatalakay ang kahalagahan ng mga paglilingkod/ serbisyo ng komunidad upang matugunan ang pangangailangan ng mga kasapi sa komunidad; **(AP2PKK-IVa-1)**
2. naiisaisa ang mga katangian ng mga serbisyong naibibigay sa komunidad; at
3. nakapaglalahad ng kahalagahan ng iba't-ibang serbisyong ibinibigay tulad ng serbisyong pangkalikasan, pangkalusugan, pang-edukasyon at panseguridad.

# Subukin

Panuto: Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tungkulin ng isang guro?
   a. tagakolekta ng basura
   b. tagapaglinis ng kalat sa lansangan
   c. tagapagturo sa loob ng paaralan
   d. tagapagpanatili ng kaayusan

2. Sino ang namumuno sa isang barangay?
    a. kapitan
    b. kagawad
    c. pulis
    d. tanod
3. Sino ang gumagamot ng mga may sakit sa komunidad?
    a. basurero
    b. doktor
    c. magsasaka
    d. guro
4. Sino ang tumutulong sa pagsugpo ng apoy kung may nasusunog na kabahayan, gusali at iba pa?
    a. basurero
    b. bumbero
    c. doktor
    d. magsasaka
5. Sino ang tumutulong sa doktor upang mapangalagaan ang mga may sakit?
    a. kapitan
    b. magsasaka
    c. nars
    d. tanod

Aralin 1

# Mga Serbisyo sa Komunidad

Ang mga serbisyong katulad ng serbisyong pangkalusugan at serbisyong pampamilya ay mahalaga upang maging malusog at maayos ang buhay ng mga mamamayan sa komunidad.

Ito ay nararapat paraan upang mapanatiling maunlad ang pamumuhay ng bawat kasapi ng komunidad.

Kinakailangan din ng tao na maging malusog upang maiwasan ang mga sakit at mas maging kontento sa buhay.

## *Balikan*

Panuto: Sagutin kung Tama o Mali ang bawat pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang mabuting pinuno ay naglilingkod nang kusa at hindi naghihintay ng ano pa mang kapalit.
2. Hindi isinasaalang-alang ng namumuno ang damdamin ng mga mamamayang kanyang nasasakupan.

3. Malaki ang bahaging ginagampanan ng isang pinuno sa pagpapabuti ng pamumuhay ng komunidad.
4. Kailangan ang pagtutulungan ng pinuno at mga kasapi upang magtagumpay sa layunin ng komunidad.
5. Kung hindi maayos ang pamumuno, maaaring magkawatak-watak ang mga tao sa isang komunidad.

## *Tuklasin*

### Serbisyong Totoo

Sa bawat komunidad ay may mga namumuno. Ang bawat pinuno ay may mga proyekto na ginagawa para sa ikabubuti ng mga naninirahan sa komunidad na nasasakupan nito. Ganoon din ba ang ginagawa ng mga namumuno sa iyong komunidad?

Ating alamin ang mga proyekto ng ilang namumuno sa kani-kanilang komunidad.


Magandang umaga po, Gng. Santos. Mukhang abala po kayo sa ating paaralan.
Oo nga. Naghahanap kami ng mga taong makapgbibigay ng tulong pinansyal para sa mga batang hindi makapag-aaral dahil sa hirap ng buhay. Ito ang ating proyekto sa kasalukuyan.


Magandang araw po, Kapitan. May bagong proyekto po pala kayo?
Opo. Kasalukuyan nating ipinapaayos ang mga sirang kalsada sa ating barangay.
KAPITAN




Panuto: Sagutan ang mga tanong batay sa pag-uusap ng mga tauhan sa Serbisyong Totoo. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong serbisyo sa komunidad ang nabanggit?
2. Anong tulong ang kailangan ni Gng. Santos?
3. Ano ang bagong proyekto ng kapitan?
4. Sino-sino ang mga nagpabatid na magkakaroon ng libreng bakuna?
5. Sino-sino ang mga tauhang nagbibigay serbisyo sa komunidad?

## *Suriin*

Mahalaga ang serbisyong ibinibigay ng mga bumubuo ng komunidad. Dito nakasalalay ang kaayusan at kaunlaran ng pamumuhay ng mga taong naninirahan dito.

Sa bawat komunidad ay may mga taong tumutulong at nagbibigay ng serbisyo. Paano na lamang kung wala ang mga pulis upang sugpuin ang mga masasamang loob?

Paano kung wala ang mga bumbero kapag may sunog? Sino ang gagamot sa mga may sakit kung wala ang mga doktor? Ilan lamang yan sa mga suliranin ng ating bansa.

Maraming serbisyo ang ginagawa sa komunidad upang matugunan ang pangunahing pangangailangan ng mga mamamayan. Ilan sa mga ito ay:

- pagpapagawa ng patubig upang magkaroon ng mabuting ani ang mga magsasaka
- pagpapatayo ng Pamilihang Pangbarangay
- pagpapatayo ng Health Center
- pagtatalaga ng mga barangay pulis o barangay tanod upang mapanatili ang kaligtasan ng bawat isa
- pagpapatayo ng mga paaralan upang makapagbigay ng libreng edukasyon sa elementarya at sekundarya
- pagpapagawa at pagsasaayos ng mga kalsada at tulay
- pagpapaganda at paglilinis ng parke at pasyalan

## Pagyamanin

Gawain A

Panuto: Sumulat ng liham pasasalamat sa isa sa mga nagbibigay serbisyo sa komunidad. Gawin ito sa isang malinis na papel.

Petsa: _______________

Mahal kong __________,

Maraming salamat sa ________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

Nagmamahal,



____________________
Pangalan

Rubrik

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presenta-syon | Mahirap basahin ang mga pangu-ngusap dahil hindi maayos at hindi rin malinis ang pagkaka-sulat. | May kahirapang unawain ang pagkaka-sulat ng pangu-ngusap at hindi naipaha-yag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis ngunit hindi maayos na naisulat ang lahat pangu-ngusap at hindi rin naipa-hayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis at maayos na naisulat ang liham ngunit hindi naipa-hayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat | Malinis at maayos na naisulat ang liham. Naipa-hayag nang mabisa ang nilalaman ng sulat |

Gawain B

Panuto: Pagtambalin ang larawan sa hanay A sa angkop na serbisyo o paglilingkod sa hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A | | B |
|---|---|---|
| 1.  | bumbero | A. nagbibigay ng serbisyo ng panggagamot sa mga taong may sakit |
| 2.  | guro | B. namamahala sa pagkuha at pagtatapon ng basura |
| 3.  | doktor | C. humuhuli sa mga nagkakasala sa batas |
| 4.  | pulis | D. tumutulong sa kapitan ng barangay upang mapanatili ang kaligtasan ng mga tao sa komunidad |
| 5.  | tanod | E. sumusugpo ng apoy kung may nasusunog na bahayan, gusali at iba pa |
| | | F. nagtuturo upang matuto ang mga mag-aaral ng iba't-ibang asignatura at kagandahang asal |

## Isaisip

Panuto: Piliin mula sa kahon ang salita upang mabuo ang pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| health center | paaralan | kapitan |
| magsasaka | mag-aaral | basurero |

1. Ang _____________ ang namumuno sa isang barangay.
2. Pumupunta ang mga taong may karamdaman sa _____________ upang mabigyan ng serbisyong pangkalusugan.
3. Nangangailangan ng sapat na patubig ang mga _____________ upang magkaroon ng mabuting ani.
4. Sa _____________ natututo ng magagandang-asal at iba't-ibang asignatura ang mga mag-aaral.
5. Ang mga _____________ ang matiyagang nangongolekta ng mga basura upang maging malinis ang komunidad.

## Isagawa

Panuto: Gamit ang lapis, pangkulay at papel gumuhit ng isang eksena sa tahanan, sa paaralan, o sa pamilihan na nagpapakita ng serbisyong ginagawa sa komunidad. Kulayan ang iginuhit na larawan.

Rubriks

| Kraytirya | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|---|
| Presenta-syon | Mahirap intindihin dahil hindi maayos at hindi rin malinis ang pagka-kaguhit | May kahirapang unawain ang pagka-kaguhit. | Malinis ngunit hindi maayos ang pagkaka-guhit. Hindi naiguhit o hindi naipakita ang serbisyong ginagawa sa komunidad | Malinis at maayos ang pagkaka-guhit ngunit hindi malinaw na naipakita ang serbisyong ginagawa sa komunidad | Malinis at maayos ang pagpaka-kaguhit. Naipakita ng malinaw ang serbisyong ginagawa sa komunidad |



## *Tayahin*

Panuto: Kopyahin ang talahanayan sa isang papel at itala rito ang mga bumubuo sa komunidad. Sa katapat nito ay isulat ang serbisyong ibinibigay nila sa mamamayan.

| **Bumubuo sa Komunidad** | **Serbisyong Ibinibigay** |
|---|---|
| halimbawa: pulis | Nagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ng komunidad. Siya rin ang humuhuli sa mga nagkakasala sa batas. |
| kapitan ng barangay | |

| | |
|---|---|
| guro | |
| magsasaka | |
| nars | |
| doktor | |

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Siya ang nagkukumpuni at gumagawa ng mga iba't-ibang kasuotan.
   a. bumbero
   b. doktor
   c. mananahi
   d. kapitan

2. Siya ang masipag na nagtatanim upang may makain ang mga naninirahan sa komunidad.
   a. basurero
   b. bumbero
   c. kaminero
   d. magsasaka

3. Siya ang tumutulong sa doktor upang magbigay ng serbisyo sa komunidad.
   a. guro
   b. karpintero
   c. mananahi
   d. nars

4. Siya ang nag-aayos at nagkukumpuni ng tubo na linya ng tubig patungo sa mga tahanan at iba pang gusali.
   a. kaminero
   b. karpintero
   c. tanod
   d. tubero

5. Siya ang nagtuturo sa mga mag-aaral upang matuto ng iba't ibang asignatura at kagandahang asal.
   a. guro
   b. kaminero
   c. karpintero
   d. magsasaka

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. c
2. a
3. b
4. b
5. c

**Balikan**
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama

**Isaisip**
1. Kapitan
2. Health Center
3. Magsasaka
4. Paaralan
5. Basurero

**Tuklasin**
1. Pagsasaayos ng kalsada, proyekto para sa paaralan, libreng bakuna
2. Naghahanap si Gng. Santos ng mga taong may kakayahang magbigay ng tulong pinansyal.
3. Ipinapaayos ni Kapitan ang mga sirang kalsada.
4. Ang mga Barangay Health Workers
5. Punongguro, kapitan, at mga Barangay Health worker.

**Pagyamanin**

**Gawain B**
1. e
2. b
3. a
4. c
5. d

**Karagdagang Gawain**
1. C
2. D
3. D
4. D
5. A

**Tayahin**

Kapitan ng Barangay – Tumutulong maging maayos at nagpapatupad ng bata sa komunidad.

Guro – Tumutulong mabigyan ng sapat na kaalaman ang bawat mag-aaral.

Magsasaka – Tumutulong mabigyan ng sapat na pagkain ang bawat naninirahan sa komunidad.

Nars- tumutulong sa doktor sa pangangalaga ng mga may sakit.

Doktor- nagbibigay ng serbisyo ng panggagamot sa mga taong maysakit.

# *Sanggunian*


Cruz, Gloria M. et.al. 2013. *Araling Panlipunan 2 Kagamitan ng Mag-Aaral.* Vibal Publishing House, Inc.

Gomez, Ma. Arsenia C., and Clamor-Canlas, Ma. Louren. 2015. *Tuklas Lahi Serye sa Araling Panlipunan 2: Edisyong K-12.* Bonanza Plaza 2, Block 1, Lot 6, Hilltop Subdiv. Greater Lagro, Novaliches, Quezon City, Philippines. Brilliant Creations Publishing, Inc.

Laggui, Charito N., and dela Cruz, Ninia H. 2015. *Araling Panlipunan 2 Pagsusuri: Edisyong 2015, Mapanuring implementasyon ng K to 12.* Ibon Center, 114 Timog Avenue, Quezon City, Philippines. IBON Foundation, Inc.

Nem-Varon, Diana.2020. *Kamalayang Panlipunan 2: Ang Aking Komunidad, Noon at Ngayon.* Abiva Bldg., 851 G. Araneta Ave., 1113 Quezon City, Philippines. ABIVA Publishing House, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph